


7

Araling Panlipunan

Ikatlong Markahan – Modyul 2: Nasyonalismo sa Pagbuo ng mga Bansa sa Timog at Kanlurang Asya



Araling Panlipunan – Ikapitong Baitang

Alternative Delivery Mode

**Ikatlong Markahan – Modyul 2: Nasyonalismo sa Pagbuo ng mga Bansa sa Timog
at Kanlurang Asya**

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Maria Socorro P. Atanacio

Editor: Enrile O. Abrigo Jr., Jay M. Maravilla

Tagasuri: Zenon M. Oblan

Tagaguhit: Glendale John V. Felizarte, Daniel C. Tabinga Jr.

Tagalapat: Liezl O. Arosio, Katherine O. Cordora

Tagapamahala: Dr. Benjamin D. Paragas

Mariflor B. Musa

Freddie Rey R. Ramirez

Danilo C. Padilla

Cyril C. Serador

Ronald S. Brillantes

Marites L. Arenio

Eva Joyce C. Presto

Rhea Ann A. Navila

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – MIMAROPA Region

Office Address : Meralco Avenue corner St. Paul Road, Pasig City

Telefax : (02) 8631-4070; 8637-3093; 8637-3139

Email Address : region4b@deped.gov.ph

Araling Panlipunan

Ikatlong Markahan – Modyul 2:

Nasyonalismo sa Pagbuo

ng mga Bansa sa Timog

at Kanlurang Asya

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Halina't simulan natin!

Ang mga naging karanasan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya sa ilalim ng kolonyalista at imperyalistang Kanluranin ang nagbigay-daan sa pag-usbong ng damdaming nasyonalismo sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya. Ang pananakop, pagpapasailalim sa kapangyarihan, at pagsasamantala ng mga bansang Kanluranin sa mga bansang Asyano ang nagtulak sa mga nasyonalistikong lider na gumamit ng iba't ibang pamamaraan ng pakikipaglaban upang makamit ang kalayaan.

Pero ano nga ba ang nasyonalismo? Paano hinarap ng ating kapwa Asyano ang ginawang pananakop ng mga Kanluraning bansa? Ano-ano ang mga pamamaraang ginamit ng mga nasyonalistikong lider sa pagkamit ng kalayan?

Ang lahat ng ito ay bibigyang linaw sa modyul na ito upang tulungan kang maunawaan ang nasyonalismo sa pagbuo ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya sa pamamagitan ng mga gawaing inihanda para sa iyo. Kaya't tara na. Lakbayin natin ang daan tungo sa karunungan.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahan sa iyo ang sumusunod:

1. Naipaliliwanag ang kahulugan ng nasyonalismo;
2. Nasusuri ang mga dahilan at pamamaraan sa pagsasakatuparan ng mga simulain at gawaing nasyonalistiko ng mga taga-Timog at Kanlurang Asya;
3. Natutukoy ang kahalagahan ng nasyonalismo tungo sa pambansang pagkakakilanlan at pagkamit ng kalayaan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.

Ang pagkamit mo sa mga layuning nabanggit sa itaas ay magiging tulay upang tiyak na matutunan mo ang sumusunod na pamantayan at kasanayan:

PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)


Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagbabago, pag-unlad, at pagpapatuloy sa Timog at Kanlurang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (ika-16 hanggang ika-20 siglo).

PAMANTAYANG SA PAGGAWA (Performance Standard)

Nakapagsasagawa ng kritikal na pagsusuri sa pagbabago, pag-unlad, at pagpapatuloy sa Timog at Kanlurang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (ika-16 hanggang ika-20 siglo).

PAMANTAYANG PAMPAGKATUTO (Most Essential Learning Competency)

- Nasusuri ang mga salik, pangyayari, at kahalagahan ng nasyonalismo sa pagbuo ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.



Subukin

Panuto: Basahing mabuti ang sumusunod na tanong at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang tawag sa damdaming makabayan na nagpapakita ng matinding pagmamahal at pagpapahalaga sa Inang bayan?
 - A. Imperyalismo
 - B. Kolonyalismo
 - C. Merkantilismo
 - D. Nasyonalismo
2. Ano ang naging dahilan ng ginawang pag-aalsa ng mga sundalong Sepoy laban sa mga Ingles noong 1857?
 - A. Pagnanais na mapalaya ang kanilang bansa sa ilalim ng England.
 - B. Kawalan ng respeto ng mga Ingles sa kinagisnang kaugalian at tradisyon ng India.
 - C. Makatarungan ang ginawang pakikialam ng England sa kanilang paniniwala.
 - D. Panghihimasok ng mga Ingles sa pamamahala ng kanilang bansa at maging sa kanilang pamumuhay.
3. Alin sa sumusunod na pamamaraan ang ginamit ni Mohandas Gandhi upang ipakita ang kaniyang pagtutol sa mga Ingles?
 - A. *Passive resistance*
 - B. Armadong pakikipaglaban
 - C. Pagbabago ng pamahalaan
 - D. Pagtatayo ng mga partido-politikal o samahang Makabayan
4. Ano ang pamamaraang ginamit ng India upang maisakatuparan ang hangaring kalayaan?
 - A. Itinatag ang India National Congress.
 - B. Nakipag-alyansa sila sa mga kanluranin.
 - C. Binoykot nila ang mga produktong Ingles.
 - D. Tinulungan nila ang mga Ingles sa panahon ng digmaan.
5. Nagpatupad ng mga pagbabago ang mga Ingles sa lipunan at pamahalaan ng India. Alin sa sumusunod ang pagbabagong HINDI katanggap-tanggap para sa mga Indian?
 - A. Pagsasaayos ng transportasyon at komunikasyon.
 - B. Pagpapalaganap ng sistema ng edukasyon na ayon sa pamantayang Ingles.
 - C. Paglipat ng sentro ng mga gawaing pangkabuhayan sa mga baybaying dagat.
 - D. Pag-iral ng *racial discrimination* sa pagbibigay ng posisyon sa pamahalaan.

6. Nakilala bilang Mahatma o “Dakilang Kaluluwa”. Naging inspirasyon siya ng marami dahil sa tahimik at katangi-tanging pamamaraan upang matamo ng India ang kalayaan mula sa mga Ingles. Sino ang tinutukoy sa pahayag?
- A. Ali Jinnah
B. Ibn Saud
C. Mohandas Gandhi
D. Mustafa Kemal
7. Paano isinasagawa ang Satyagraha?
- A. Pagdarasal
B. Pag-aayuno
C. Meditasyon
D. Lahat ng nabanggit
8. Ano ang dahilan kung bakit buong pusong isinasagawa ang *sati* sa India?
- A. Paniniwala na ito ay naglilinis ng kasalanan ng lalaki maging ang kanyang biyuda
B. Makakamit ng mag-asawa ang kaluwalhatian sa kabilang buhay.
C. Tradisyon at bahagi ng kanilang kultura
D. Lahat ng nabanggit
9. Aling pangyayari ang pumukaw sa damdaming nasyonalimo ng bansang India?
- A. Diskriminasyon sa mga Indian
B. Patakarang *economic embargo*
C. Pagpatay kay Mohandas Gandhi
D. Pagbagsak ng kolonyalistang Turko
10. Anong tawag sa puwersa o lakas ng kaluluwa upang labanan ang puwersa ng armas?
- A. Ahimsa
B. Karma
C. Samsara
D. Sudra
11. Nangangahulugan ito na ang isang bansa ay naghahanda na maging malaya at isang nagsasariling bansa na mapapasailalim muna sa patnubay ng isang bansang Europeo. Ano ang tawag sa sistemang ito?
- A. *Commonwealth*
B. *Mandate*
C. *Treaty*
D. *Truce*
12. Paano natamo ng bansang Lebanon ang kanilang kalayaan mula sa mga Turkong Ottoman?
- A. Mandato ng bansang France
B. Atas ng United Nations
C. *Treaty of Luasanne*
D. *Treaty of Paris*
13. Sino ang nagbigay-daan sa pagtatamo ng kalayaan ng Turkey sa kabila ng kagustuhan ng mga Kanluraning bansa na ito ay paghati-hatian?
- A. Ayatollah Ruhollah Khomeini
B. Ibn Saud
C. Mohandas Gandhi
D. Mustafa Kemal
14. Kapag may pagkakataong magiging isang kinatawan ng isang maliit at mahirap na bansa, alin sa sumusunod na pananaw ang iyong isusulong upang ipagtanggol ang iyong bansa laban sa mas malakas at makapangyarihang bansa?
- A. Papayag sa kung ano ang gusto ng mas malakas na bansa.
B. Hindi magsusulong ng anumang interes dahil mababalewala rin naman.
C. Isusulong ang pambansang interes at karapatan anuman ang mangyari.

D. Isusulong ang interes ng iba pang bansa na interesado sa usapin upang magkaroon ng kaalyansa.

15. Ano ang kasunduang kumilala sa Kalayaan ng Turkey sa pagtatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig?

A. *Mandate*

B. *Treaty of Lausanne*

C. *Treaty of Paris*

D. *Treaty of Versailles*

Aralin

1

Nasyonalismo sa Pagbuo ng mga Bansa sa Timog at Kanlurang Asya

Masayang isipin na maaari na nating gawin ngayon ang mga bagay nang malaya ngunit ito ay may kaakibat na responsibilidad. Salamat sa ating mga nasyonalistikong lider na matapang na nagpamalas ng kanilang simulain, gawain, at damdaming nasyonalistiko.

Sa pagkakataong ito, pag-aaralan mo ang naging reaksiyon ng mga Asyano sa mga patakarang ipinatupad ng mga dayuhan sa mga bansa sa Timog Asya. Ano nga ba ang nasyonalismo? Paano tumugon ang ating mga kapwa Asyano sa Timog at Kanlurang Asya sa pananakop ng mga kanluraning bansa?

Halika na, umpisahan na nating sagutin ang iyong mga katanungan sa susunod na mga gawain.



Balikan

Pero, bago tayo magsimula sa bagong aralin, balikan natin ang tungkol sa unang yugto ng kolonyalismo at imperyalismo ng mga kanluranin sa Timog at Kanlurang Asya. Natatandaan ninyo pa ba ang kahulugan ng kolonyalismo at imperyalismo?

Gawain: Kumpletuhin Mo

Panuto: Punan ang hinihinging impormasyon sa sumusunod na pahayag sa mga inilaang patlang.

1. Ang kolonyalismo ay ang _____ ng isang bansa upang _____ ang mga _____ nito.

2. Ang imperyalismo ay _____ ng _____ upang magkaroon ng pandaigdigang _____ o world power. Ito rin ang pagkontrol sa _____ at _____ kaayusan ng iba't ibang bansa.



Mga Tala para sa Guro


Naglalaman ang modyul na ito ng mga mungkahing gawain upang malinang ang kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral. Kinapapalooban ito ng iba't ibang estratehiya tulad ng paggamit ng mapa-suri, graphic organizer, pagsusulat ng maikling sanaysay, picto analysis, Reflective Journal atbp. Ang bawat gawain sa isang aralin ay nakabatay sa tatlong araw na sesyon. Iminumungkahi na pagyayamanin pa ng guro ang mga mungkahing gawain at estratehiya batay sa interes at kakayahan ng mga mag-aaral.



Tuklasin

Gawain: Mapa-Suri

Panuto: Suriin mo ang mapang nasa ibaba. Hanapin ang mga bansa na matatagpuan sa Timog at Kanlurang Asya. Gumamit ng isang kulay para sa Timog Asya at ibang kulay para sa Kanlurang Asya bilang pananda sa kinabibilangang rehiyon ng mga bansang ito. Isulat ang mga pangalan ng bansa sa talaan na makikita sa sa pahina 6. Gawin ito sa sagutang papel.



A. Timog Asya

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

B. Kanlurang Asya

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____



Suriin

Nasyonalismo sa Asya

Hindi naging makatarungan ang ginawang pananakop, pagsasamantala, at pagsasailalim ng kapangyarihan ng mga kanluraning bansa sa Asya ang siyang nagbigay-daan sa pag-usbong ng nasyonalismo dito.

Ano nga ba ang ibig sabihin ng nasyonalismo?

Ang **nasyonalismo** ay ang damdaming makabayan na maipakikita sa pamamagitan ng matinding pagmamahal at pagpapahalaga sa Inang-bayan (Kabihasnang Asyano. Edisyong SEDP).

Dalawang uri ng nasyonalismo sa Asya:

- *Defensive Nationalism* o mapagtanggol na nasyonalismo tulad ng mga pangyayaring naganap sa Pilipinas
- *Aggressive Nationalism* o mapusok na nasyonalismo na naisakatuparan naman sa bansang Japan.

Mga Manipestasyon ng Nasyonalismo

- ✓ Pagkakaisa. Makikita ito sa pamamagitan ng pagtutulungan at pagkakabuklod-buklod ng mga mamamayan batay sa kanilang kultura, saloobin, at hangarin.
- ✓ Pagmamahal at pagtangkilik ng mamamayan sa mga produkto, ideya, at kultura ng sariling bayan.
- ✓ Pagiging makatuwiran at makatarungan.
- ✓ Ang kahandaan ng isang tao na magtanggol at mamatay para sa kaniyang bayan ay maituturing na pinakamahalagang manipestasyon ng nasyonalismo.

Ngayon, tunguhan na natin ang mga manipestasyon ng nasyonalismo sa Timog Asya.

Pag-usbong ng Nasyonalismo sa Timog Asya - Nasyonalismo sa India

Ang pag-usbong ng nasyonalismo sa bansang India ay nangyari noong panahon ng pananakop ng mga Ingles sa kanilang bansa. Dumaan muna sa mahabang panahon ng pag-aalsa, rebolusyon, at reporma ang India bago nakilala sa kasaysayan ng India ang “Pag-aalsa ng Sepoy” noong 1857-1859. Ang mga “Sepoy” ay ang mga sundalong Indian na tumutol dahil sa *racial discrimination* na kanilang naranasan mula sa mga Ingles.

Ang pag-aalsang ginawa ng mga Indian laban sa mga Ingles ay dahil sa sumusunod:


1. Kawalan ng pampulitikang kalayaan ng mga mamamayan;
2. Sapilitang pang-aagaw ng mga lupain ng mga awtoritadong Ingles; at
3. Kawalan ng respeto sa kanilang mga kinagisnang kaugalian at tradisyon.

Bukod sa mga pag-aalsang ginamit ng mga nasyonalistikong Hindu, gumamit din sila ng mga peryodiko at pahayagan upang maipahayag ang kanilang mga opinyon, damdamin, at mga adhikain ukol sa mga pananakop ng mga Ingles. Kabilang sa mga babasahing ito ay ang *Hindoo Patriot*, *Amrita Bazar Patrika*, at *Bengalee* na nalathala noong 1870.

Noong 1907, nakamit nila ang kalayaan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga repormang pampolitika. Noong taong 1909, nagkaroon naman ng indirektong paghawak ng mga posisyon ang mga Hindu sa Kongreso sa pamamagitan ng *Indian*

Council Act. Subalit naging dahilan ito ng pagkakaroon ng hidwaan sa pagitan ng mga Hindu at Muslim dahil natakot ang mga Muslim para sa kanilang katutubo at panrelihiyong kalinangan.

Ang Ahimsa at Satyagraha sa India



Mohandas Gandhi

Si **Mohandas Gandhi** ang nangunang lider-nasyonalista sa India para makamit ang kanilang kalayaan. Nakilala siya bilang *Mahatma*, na nangangahulugang “Dakilang Kaluluwa” dahil sa kaniyang mapayapang pamamaraan ng paghingi ng kalayaan o *nonviolent means* mula sa mga mananakop na Ingles. Isa siya sa nanguna sa pagsulong para tutulan ang pamamahala ng mga Ingles sa kanilang bansa.

Binatikos ni Mohandas Gandhi ang mga Ingles ng ipatupad ng mga ito ang hindi makatarungan patakaran na naging labag sa kanilang kultura at paniniwala. Ang sumusunod na larawan ay ilan lamang sa mga halimbawa nito:



Ito ang larawan ng tinatawag na *suttee* o *sati* kung saan makikita na ang biyudang babae ay sumasama sa namatay na asawa sa kanyang libingan.



Ang larawan ay isang halimbawa ng ginagawang pagpatay sa mga babaeng sanggol o *female infanticide*.



Isang halimbawa ng *racial discrimination* kung saan nakakaranas ng mababang pagtingin ang mga *Indian*.



Ipinapakita sa larawang ito ang pamamaril na ginawa ng mga sundalong Ingles sa mga Sepoy na naganap noong Abril 13, 1919.

Mga pamamaraang ginamit ni Mohandas Gandhi upang makamit ang kalayaan ng India mula sa pananakop ng mga Ingles.

- *Ahimsa* - puwersa o lakas ng kaluluwa upang labanan ang puwersa ng armas
- paggamit ng dasal, meditasyon, at pag-aayuno upang mailabas ang katotohanan o *Satyagraha*
- Pagboykot sa lahat ng mga produktong Ingles.
- *Civil disobedience* – hindi pagsunod sa pamahalaan
- Pag-aayuno o *hunger strike*



Jawaharlal Nehru

Matagumpay na nakuha ng bansang India ang kanilang kalayaan pamumuno ni Jawaharlal Nehru noong Agosto 15, 1947.

Gawain 1: Bigyang Kahulugan

Panuto: Ipaliwanag sa sariling salita ang sumusunod na terminolohiya. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Terminolohiya	Paliwanag
Mahatma	
Satyagraha	
Ahimsa	
Civil Disobedience	
Racial Discriminaton	

Nasyonalismo sa Kanlurang Asya

Ang pag-usbong ng damdaming nasyonalismo sa Kanlurang Asya ay iba sa ipinakita ng mga taga-Timog Asya sa kadahilangang karamihan sa kanilang mga bansa ay sakop pa noon ng Imperyong Ottoman. Unti-unting nagsumikap ang mga bansa sa Kanlurang Asya na makamit ang kalayaan mula sa Imperyong Ottoman at sa mga Kanluraning bansa.

Bago pa man ang Unang Digmaang Pandaigdig, ay nagpamalas na ang mga Arabo, Iranian, at mga Turko ng kanilang damdaming nasyonalismo.

Mga bansa sa Kanlurang Asya na lumaya mula sa mga mananakop:

- Kuwait (1759)
- Lebanon (1770)
- Turkey (1923) sa pamamagitan ng Kasunduang Laussane
- Saudi Arabia (1926)

Mga Lider Nasyonalista sa Kanlurang Asya na namuno upang makamit ang kalayaan:



Mustafa Kemal Nehru

- Ang namuno sa pagkamit ng Kalayaan ng Turkey
- Naging tagapagsalita ng Grand National Assembly ng Turkey na nagbigay daan upang mapakilos ang mga Turkong militar na hingin ang kalayaan ng bansang Turkey
- hindi pumayag na hatiin ang Imperyong Ottoman sa pagitan ng Italy at France na naging susi sa *Battle of Tobruk*, isang pagkilos na naganap noong Disyembre 1911, na kung saan 200 Turko at Arabong militar ang lumaban. May 2000 Italyano ang naitaboy, at 200 ang nahuli at napatay, pero mga Italyano pa din ang nanalo sa labanan.



Ruhollah Khomeini

- namuno sa pagbatikos sa karahasang ginagawa sa mga mamamayan ng Iran at pangangalaga ng Shah sa interes ng mga dayuhan.
- at ibinalik niya ang mga paniniwala at tradisyong Islam na naisantabi dahil sa modernisasyon sa panahon ng pamumuno ni Mohammed Reza Pahlavi.
- Gumawa ng isang makasaysayang pagtatalumpati noong Hunyo 3, 1963 laban sa Shah ng Iran dahil sa patuloy nitong pagsuporta sa pakikialam ng bansang Israel na naging dahilan para sila ay arestuhin at ikulong na nagresulta sa kaguluhan sa bansa.
- Itinapon sa ibang bansa dahil sa pagsusulat at pangangaral laban sa pamunuang mayroon ang kaniyang bansa.
- Nakabalik sa bansang Irang pagkatapos na mabuwag ang pamahalaan ng Iran at mapatalsik ang Shah sa pamamagitan ng Rebolusyong Islamic noong 1979



Ibn Saud

- ang kauna-unahang hari ng Saudi Arabia.
- Idineklarang hari ang kanyang sarili ng mapabagsak niya si Husayn noong 1924-1925.
- taong 1932, pinangalanan ni Ibn Saud na Saudi Arabia ang kaniyang kaharian.
- Matagumpay na nahimok ang mga Nomadikong tribo o pangkat-etniko na iwasan ang gawaing panggugulo at paghihiganti.
- nawala ang nakawan at pangigingkil sa kanyang pamumuno na kadalasang nangyayari sa mga dumadalo ng *pilgrimage* sa Mecca at Medina.
- binigyan ng pahintulot ang isang kompanya ng Estados Unidos noong 1936 at 1939 na magkaroon ng *oil concession* sa Saudi Arabia.
- Pinatunayan ng bansa na ang mina ng langis ang pinakamayaman sa daigdig na nakatulong upang ito ay magkaroon ng pambansang pag-unlad.
- nanatiling neutral noong panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.
- Hindi nakialam sa Digmaang Arab Israel noong 1948.

Sa ipinakita na pagiging makabayan ng mga lider Asyano sa Timog at Kanlurang Asya ay nagtagumpay sila na makuha ang inaasam na kalayaan ng kani-kanilang mamamayan at bansa.

Gawain 2: Kilalanin Mo

Panuto: Kilalanin ang nasyonalistang lider na nasa larawan at tinutukoy sa mga sumusunod na pahayag. Isulat ang pangalan ng lider sa tabi ng bawat larawan. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Hindi siya pumayag sa kasunduan ng Italy at France noong 1911-1912, na hatiin ang Imperyong Ottoman.



2. Kauna-unahang hari ng Saudi Arabia at nagbigay pahintulot sa isang kompanya ng Estados Unidos na magkaroon ng *oil concession* sa Saudi Arabia.



3. Gumawa ng makasaysayang pagtatalumpati noong Hunyo 3, 1963 laban sa Shah ng Iran sa pagsuporta nito sa Israel.




4. Ang nagbigay- daan sa pagtatamo ng kalayaan ng Turkey.



5. Sa kaniya ring pamumuno nawala ang mga nakawan at pangigingkil na nangyayari sa pilgrimage sa Mecca at Medina.





Pagyamanin

Gawain 1: Data Retrieval Chart

Panuto: Lagyan ng tamang impormasyon ang bawat kolum sa *Data Retrieval Chart*. Gawin ito sa sagutang papel.


Pag-usbong ng Nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya

Rehiyon	Bansa	Dahilan ng Pagpapakita ng Nasyonalismo	Pamamaraang Ginamit para Matamo ang Kalayaan	Manipestasyon ng Nasyonalismo
Timog Asya				
Kanlurang Asya				

Pamprosesong Tanong:

1. Ano-ano ang dahilan ng pagpapakita o pagsasakatuparan ng mga simulain at gawaing nasyonalistiko ng mga bansa sa Timog (India) at Kanlurang Asya?
2. Ano-ano ang pamamaraang ginamit ng Timog (India) at Kanlurang Asya para matamo ang kanilang kalayaan?
3. Ano-ano ang manipestasyon ng nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya?
4. Alin sa mga pamamaraang ginamit ng Timog at Kanlurang Asya ang naging mabisa sa pagkamit ng kanilang Kalayaan? Ipaliwanag.

Gawain 2: Ipaliwanag Mo



Isulat ang sariling pakahulugan sa salitang nasyonalismo. Ipaliwanag.

Gawain 3: Tukuyin Mo

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang pamamaraang ginamit ng mga Indian para labanan ang mananakop na Ingles. Isulat ito sa sagutang papel.


Ahimsa	Racial Discrimination
Civil disobedience	Rebelyong Sepoy
Pagpepenetensiya	Satyagraha

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____



Isaisip

1. Sino-sino ang nangunang nasyonalistikong lider sa pagkamit ng kalayaan sa Timog at Kanlurang Asya?
2. Ipaliwanag ang mga dahilan ng pag-aalsa ng mga taga Timog at Kanlurang Asya mula sa kanilang mga mananakop.
3. Isa-isahin ang ginamit na pamamaraan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya upang makamit ang kanilang kalayaan mula sa mga mananakop.



Isagawa

Gawain 1: Reflection Log

Panuto: Sa susunod na gawain, makikita dito ang iyong mga natutuhan, repleksyon, reyalisasyon, at opinyon na may kaugnayan sa pag-usbong ng nasyonalismo sa Timog Asya. Gawin ito nang naaayon sa iyong kalooban.

Pangalan: _____ Petsa: _____ Taon at Seksiyon: _____

Reflection Log

Ang nasyonalismo ay nakabubuti dahil

Ipinagmamalaki ko ang aking pagiging Asyano dahil sa natatanging nagawa ng mga kilalang nasyonalista sa Timog at Kanlurang Asya na nagpapatunay na ang Asyanong katulad ko ay

Gawain 2: Ipanalangin Mo

Likas sa mga Asyano ang pagiging nasyonalistiko at may pananampalataya sa Diyos anoman ang kinabibilangang sekta o relihiyon. Sumulat ka sa sagutang papel ng isang maikling panalangin para sa kapayapaan ng ating bansa, sa buong Asya, at sa buong daigdig.



Tayahin

Panuto: Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod na pamamaraan ang ginamit ni Mohandas Gandhi upang ipakita ang kaniyang pagtutol sa mga Ingles?
 - A. *Passive resistance*
 - B. Armadong pakikipaglaban
 - C. Pagbabago ng pamahalaan
 - D. Pagtatayo ng mga partido-politikal o samahang Makabayan
2. Ano ang tawag sa damdaming makabayan na nagpapakita ng matinding pagmamahal at pagpapahalaga sa Inangbayan?
 - A. Imperyalismo
 - B. Kolonyalismo
 - C. Merkantilismo
 - D. Nasyonalismo
3. Nagpatupad ng mga pagbabago ang mga Ingles sa lipunan at pamahalaan ng India. Alin sa sumusunod ang pagbabagong HINDI katanggap-tanggap para sa mga Indian?
 - A. Pagsasaayos ng transportasyon at komunikasyon.
 - B. Pagpapalaganap ng sistema ng edukasyon na ayon sa pamantayang Ingles.
 - C. Paglipat ng sentro ng mga gawaing pangkabuhayan sa mga baybaying dagat.
 - D. Pag-iral ng *racial discrimination* sa pagbibigay ng posisyon sa pamahalaan.

4. Ano ang naging dahilan ng ginawang pag-aalsa ng mga sundalong Sepoy laban sa mga Ingles noong 1857?
 - A. Pagnanais na mapalaya ang kanilang bansa sa ilalim ng England.
 - B. Kawalan ng respeto ng mga Ingles sa kinagisnang kaugalian at tradisyon ng India.
 - C. Makatarungan ang ginawang pakikialam ng England sa kanilang paniniwala.
 - D. Panghihimasok ng mga Ingles sa pamamahala ng kanilang bansa at maging sa kanilang pamumuhay.

5. Ano ang pamamaraang ginamit ng India upang maisakatuparan ang hangaring kalayaan?
 - A. Itinatag ang India National Congress.
 - B. Nakipag-alyansa sila sa mga kanluranin.
 - C. Binoykot nila ang mga produktong Ingles.
 - D. Tinulungan nila ang mga Ingles sa panahon ng digmaan.

6. Nakilala bilang Mahatma o “Dakilang Kaluluwa”. Naging inspirasyon siya ng marami dahil sa tahimik at katangi-tanging pamamaraan upang matamo ng India ang kalayaan mula sa mga Ingles. Sino ang tinutukoy sa pahayag?

A. Ali Jinnah	C. Mohandas Gandhi
B. Ibn Saud	D. Mustafa Kemal

7. Paano isinasagawa ang Satyagraha?

A. Pagdarasal	C. Meditasyon
B. Pag-aayuno	D. Lahat ng nabanggit

8. Ano ang dahilan kung bakit buong pusong isinasagawa ang *sati* sa India?
 - A. Paniniwala na ito ay naglilinis ng kasalanan ng lalaki maging ang kanyang biyuda
 - B. Makakamit ng mag-asawa ang kaluwalhatian sa kabilang buhay.
 - C. Tradisyon at bahagi ng kanilang kultura
 - D. Lahat ng nabanggit

9. Aling pangyayari ang pumukaw sa damdaming nasyonalimo ng bansang India?
 - A. Diskriminasyon sa mga Indian
 - B. Patakarang *economic embargo*
 - C. Pagpatay kay Mohandas Gandhi
 - D. Pagbagsak ng kolonyalistang Turko

10. Anong tawag sa puwersa o lakas ng kaluluwa upang labanan ang puwersa ng armas?

A. Ahimsa	C. Samsara
B. Karma	D. Sudra

11. Ano ang kasunduang kumilala sa Kalayaan ng Turkey sa pagtatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig?

A. Mandate	C. Treaty of Paris
B. Treaty of Lausanne	D. Treaty of Versailles

12. Kapag may pagkakataong magiging isang kinatawan ng isang maliit at mahirap na bansa, alin sa sumusunod na pananaw ang iyong isusulong upang ipagtanggol ang iyong bansa laban sa mas malakas at makapangyarihang bansa?
- Papayag sa kung ano ang gusto ng mas malakas na bansa.
 - Hindi magsusulong ng anumang interes dahil mababalewala rin naman.
 - Isusulong ang pambansang interes at karapatan anuman ang mangyari.
 - Isusulong ang interes ng iba pang bansa na interesado sa usapin upang magkaroon ng kaalyansa.
13. Sino ang nagbigay-daan sa pagtatamo ng kalayaan ng Turkey sa kabila ng kagustuhan ng mga Kanluraning bansa na ito ay paghati-hatian?
- Ayatollah Ruhollah Khomeini
 - Ibn Sau
 - Mohandas Gandhi
 - Mustafa Kemal
14. Nangangahulugan ito na ang isang bansa ay naghahanda na maging malaya at isang nagsasariling bansa na mapapasailalim muna sa patnubay ng isang bansang Europeo. Ano ang tawag sa sistemang ito?
- Commonwealth*
 - Mandate*
 - Treaty*
 - Truce*
15. Paano natamo ng bansang Lebanon ang kanilang kalayaan mula sa mga Turkong Ottoman?
- Mandato ng bansang France
 - Atas ng United Nations
 - Treaty of Luasanne
 - Treaty of Paris



Karagdagang Gawain

Gawain 1: Iguhit mo, Poster mo

Panuto: Gumuhit ng isang poster na nagpapakita ng iyong pagiging makabayan.

Pamantayan sa Paggawa ng Poster


Pamantayan	Indikador	Puntos	Natamong Puntos
Nilalaman	Naipakita at naipaliwanag ng mahusay ang ugnayan ng mensahe sa paglalarawan ng poster.	10	
Pagkamalikhain	Lubos na nagpakita ng pagkamalikhain sa paggawa ng poster.	7	
Kabuoang Presentasyon	Malinis at maayos ang kabuoang presentasyon ng poster.	3	
Kabuoang Puntos		20	

Gawain 2: Campaign Speech

Panuto: Gumawa ng isang campaign speech na nagpapakita ng pagmamahal sa iyong Inang Bayan.

Pamantayan sa Paggawa ng Campaign Speech

Pamantayan	Puntos			
	Katangi-tangi 4	Mahusay 3	Katamtaman 2	Kailangan pa ng Dagdag na Pagsasanay 1
Paghikayat	Lubos na nakahihikayat at kaagad na nakakukuha ng atensyon ang gawain.	Nakahihikayat at kaagad na nakakukuha ng atensyon ang gawain.	Hindi gaanong nakahihikayat at kaagad na nakakukuha ng atensyon ang gawain.	Hindi nakahihikayat at kaagad na nakakukuha ng atensyon ang gawain.
Paglalahad	Maikli ngunit napakalinaw ang pagkalahad ng mga impormasyon.	Maikli ngunit may isang bahagi na hindi malinaw ang pagkalahad ng mga impormasyon.	Mahaba at hindi gaanong malinaw ang pagkalahad ng mga impormasyon	Hindi malinaw ang pagkalahad ng mga impormasyon
Kabuluhan	Napakamakabuluhan ang mensahe ng gawain.	Makabuluhan ang mensahe ng gawain.	Hindi gaanong makabuluhan ang mensahe ng gawain.	Hindi makabuluhan ang mensahe ng gawain.



Susi sa Pagwawasto

Tuklasin:
 Gawain 1: (Maari pa ring magbigay ng iba pang bansang matatagpuan sa Timog Asya at Kanlurang Asya)
Timog Asya: India, Saudi Arabia, Pakistan, Turkey, Qatar, Kuwait, Nepal, Sri Lanka, Iran
Balikhan: Gawain 1
 1. P
 2. S
 3. S
 4. P
 5. S
Pagayaman: Gawain 3:
 1. Rebelyong Sepoy
 2. Pagpепенensiya
 3. Ahimsa
 4. Satyagraha
 5. Civil Disobedience

Tayahin:
 1. A
 2. D
 3. D
 4. B
 5. C
 6. C
 7. D
 8. C
 9. A
 10. A
 11. B
 12. A
 13. D
 14. B
 15. A

Subukin:
 1. D
 2. B
 3. A
 4. C
 5. D
 6. C
 7. D
 8. C
 9. A
 10. A
 11. B
 12. A
 13. D
 14. C
 15. B

Pagayaman: Gawain 1:

Rehiyon	Bansa	Dahilan ng Pagpapakita ng Nasyonalismo	Pamamaraang Ginamit para Matamo ang Kalayaan	Manipestasyon ng Nasyonalismo
Timog Asya	India	Kawalan ng pampulitikang kalayaan ng mga mamamayan	Ahimsa	Pagkakaisa.
		Sapilitang pang-aagaw ng mga lupain ng mga awtoritadong Ingles	Passive Resistance	Pagmamahal at pagtangkilik sa mga produkto, ideya, at kultura ng sariling bayan.
		Kawalan ng respeto sa kanilang mga kinagisnang kaugalian at	pagpепенensiya	Pagiging makatuwiran at makatarungan.
		Pag-aayuno	Pag-aayuno	Ang kahanandaan ng isang tao na magtanggol at mamatay para sa kanyang bayan
		Civil Disobedience	Civil Disobedience	

Sanggunian

Modyul

Blando, Rosemarie C., Adelina A. Sebastian, Angelo C. Espiritu, Erna C. Golveque, August M. Jamora, Regina R. Capua, Armi S. Victor, Sandra I. Balgos, Allan F. Del Rosario, at Randy R. Mariano. *Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba, Araling Panlipunan Modyul Para sa Mag-aaral*. Pasig City. 2014.

Project EASE Modyul 7: Ang Pagsibol at Pagsilang ng Nasyonalismo sa Asya.
PROJECT EASE MODULE 8- Araling panlipunan II

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph